



September 2017  
Vol. 1 Issue 2

# KABAYAN

## Polyetong Pinoy

### *Pag-aaral ng Japanese Language para sa mga dayuhang naninirahan sa Toyohashi kasalukuyang nagaganap sa iba't ibang lugar sa siyudad*

#### *Nilalaman:*

<i>One day basketball league</i>	2
<i>Tara na! Bisitahin ang mga lugar sa Toyohashi</i>	3
<i>Inside Story: Who do you listen to?</i>	3
<i>Basic Japanese Lesson</i>	4
<i>Community Board</i>	4
<i>Announcement</i>	4

Kasalukuyang isinasagawa ang Japanese language lesson para sa mga dayuhang naninirahan o gustong manirahan dito sa bansang Hapon sa pamamagitan ng Toyohashi International Association. Ito ay isinasagawa sa mga piling lugar na may nakatakdang araw at oras ng pag-aaral. Sa tulong ng mga volunteers na guro, ay tinuturuan ang mga estudyante na mula sa ibat ibang lahi at edad na matuto ng Japanese language upang mas higit na makatulong at maging magaan ang kanilang pamumuhay at pakikisalamuha sa bansang Hapon.

Narito ang mga lugar, araw at oras ng pag-aaral.

#### **Toyohashi International Association (TIA) Office near Ekimae Odori:**

Sat./Sun. (15:30~17:00)

Mon.~Fri. (10:00~12:00)

#### **Aiplaza Toyohashi (Minami-Sakae Area)**

Thur. 10:00~11:30

#### **Iwata Danchi (Meeting Room)**

Mon. & Fri. (20:00~21:30)

Sat. 10:00~12:00 (for kids)

#### **Toyo Chiku Shiminkan (Tame Area)**

Tue. & Thu. ( 19:30~21:00)

#### **Ishimaki Koku Shiminkan (Ishimaki Area)**

Tue. & Wed. (19:30~21:30)

Para sa kabuuang detalye, maaaring tumawag sa TIA : (0532)55-3671.

#### Points to ponder

*“Dreams without goals are just dreams, and they ultimately fuel disappointment”*

*-Denzel Washington-*



Makikita sa larawan ang mga Pilipinong nag-aaral ng Japanese Language sa pamamagitan ng mga gurong (sensei) volunteers. Ito ay ang silid aralan sa Naka Iwata Danchi.



## *Kauna-unahang One-day Basketball League ng Toyohashi Filipino Association, naging matagumpay*

Naging matagumpay ang isinagawang One-day Basketball League ng Toyohashi Filipino Association noong Agosto 13, 2017 na nilahukan ng limang (5) koponan. Ito ay ang Ueta-1-Faith Team; Toyota Japan; Moana Team; Pinoy Avengers; Suzuki Fighters.

Ang paliga na ito ay ginanap sa Imure Chiku Taikukan. Pina-simulan ito ng isang parada at sinundan ng panimulang programa sa pagbubukas ng paliga. Ang lahat ng kalahok ay masayang nakiisa at ang mga manunuod ay sadyang inantabayan ang bawat laro ng mga

koponan.

Matapos ang pagtatapat ng mga koponan, tinanghal na kampeon ang Toyota Japan Team, 2nd place ang Pinoy Avengers Team at 3rd place ang Ueta-1-Faith Team. Sila ay nakatanggap ng tropeo at regalo mula sa TFA.

Ng dahil na rin sa pagpupursigi ng pamunuan at miyembro ng TFA, ay matagumpay na naisagawa ang kauna-unahang paliga na ito. At dahil nga dito, matapos ang buong araw na paliga, ay humiling ang mga pilipinong manlalaro na sana ay maulit muli ang ganitong klaseng

programa upang magkaon ng mapagkakalibangan at mas higit na magkakila-kilanlan ang mga Pilipinong naninirahan dito sa Toyohashi City.

Isang bagay na tanging nais ng asosasyon ay ang makapagbigay kasiyahan sa kapwa Pilipino. Nawa ay maging tuloy tuloy ang pagbibigay ng mga ganitong programa mula sa TFA at sa pakikipagtulungan ng iba pa nating mga kababayan.



Makikita sa mga larawan ang mga pamunuan at mga koponan na lumahok sa basketball league.

## Tara na! Bisitahin natin ang ilang mga ipinagmamalaking Lugar sa Toyohashi

By Dindo M. Abueg

Ang Toyohashi City ay kilala sa mga magagandang lugar, factories, pagawaan ng mga barko at higit sa lahat sa mayamang kultura at tradisyon na nuon pa man ay taglay na ng mga naninirahan dito.

Halina, ating libutin ang ilan sa mga lugar na sa Toyohashi City lamang makikita.

Sumakay sa tanyag na Tram. Ito ang pang-araw-araw na sinasakyan ng ilang lokal na residente upang makarating sa Toyohashi Station o ibang pang pasyalan. Ito rin ang aking madaling paraan ng transportasyon bukod sa bisekleta upang makarating sa City Hall.



Bisitahin din ang napakagandang Futagawa-juku Museum. Dito makikita ang isang sinaunang struktura na noon ay isang hotel ng mga Samurai. Matutunghayan ang maranyang mga kagamitan at disenyo ng mga silid sa loob ng struktura. Maaaninag sa lugar ang halimbawa ng maiinit na pagtanggap ng mga Hapon sa mga bisita.



Isang napakagandang

Yoshida Castle ang inyong makikita na malapit sa City hall at Toyohashi Park. Ang istrukturang ito ay parte ng kasaysayan ng Lungsod at sa loob nito ay makikita ang ilan sa lumang larawan at kagamitan ng sinaunang panahon.



## Who Do You Listen To?

By Princewill Iliya

More than perhaps anything else, who we listen to will determine the trajectory of our ministry. If we listen to godly, wise, smart people who have our best interest and that of the Kingdom at heart, it will leaven our lives and ministries. If we listen to the wrong people, we can expect a world of trouble.

"Is best to just hear the negative voices only, but listen to positive voices "

\* Do you listen to your fear or strength?

\* Do you listen to your history or your future?

**WHAT DO YOU LISTEN TO?**

\* Do you listen to your

friends or your so called friends?

\* Do you listen to your parents or your God?

**WHO DO YOU LISTEN TO?**

\* Do you listen to your anger or your patience?

\* Do you listen ideas or complains?

**WHAT DO YOU LISTEN TO?**

\* Do you listen to the Man of God or Word of God?

\* Do you listen to Doctors report or God's word on Divine Healing?

**WHO DO YOU LISTEN TO?**

\* DO you listen to your body or the spirit?

\* Do you listen to your Beauty/handsome or your character?


**WHAT DO YOU LISTEN TO??**

The things you listen have a great effect in your life, do not listen to what will not profit you because is via your ear you feed your soul. "Listening is being able to be changed by the other person."--Alan Alda

*"Hearing is not Listening, don't mistake the two"*

The best voice you should listen to is the voice of the giant in you, the voice of your dreams, the voice of who and what motivate, inspire you to do beyond limit, to achieve success in the road of greatness.

***"Hearing is not Listening, don't mistake the two"***



Multicultural Society and International Affairs Division

11th floor East Building, Toyohashi City Hall  
Phone: 0532-51-2023

[www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm](http://www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm)

<https://facebook.com/1484tabunka/>

*Reach out, build connections and live a happy life in Toyohashi.*

Kung kayo ay may puna o suhestiyon, maaari nyong i-message sa FB page (private message)  
<https://facebook.com/1484tabunka/>

Kung nais nyo din na mag-ambag ng mga artikulo o istorya, anunsiyo o pagbati, maaari nyong ipadala sa tanggapan.

**Basic Japanese Lesson**

**Morning**

おはようございます  
ohayou gozaimasu  
Good Morning

**Afternoon**

こんにちは  
konnichi wa  
Good Afternoon

**Evening**

こんばんは  
konban wa  
Good Evening  
おやすみなさい  
oyasumi nasai  
Good Night

**Conversation Starters Saying Goodbye**

元気ですか？  
genki desu ka  
How are you?

元気です。  
genki desu  
I'm fine

最近どうですか？  
saikin dou desu ka?  
How have you been recently?

ひさしぶり  
hisashiburi  
It's been a while.

じゃあ、またね。  
jaa, mata ne  
See you later.

さようなら  
sayounara  
Good-bye

気をつけて  
ki o tsukete  
Take care.

失礼します  
shitsurei shimasu  
Excuse me.

バイバイ bai bai Bye bye

ありがとう  
arigatou  
Thank you  
どういたしまして  
doutashimashite  
You're Welcome

**Community Board**

**FILIPINO STORES AND RESTAURANTS**

**Chariz**

Naka Iwata 3 Chome 24-1 Toyohashi-shi, 440-0832  
Contact Person: Chie Koyama  
Tel: 080-3668-0832/ FB page: Chariz

**Kapamilya**

Mukaiyama Dai Machi 13-8 Toyohashi-Shi, 440-0865  
Contact Person: Rhona  
Tel: 080-3651-8397/ Fb page: Kapamilya

**Bahay Kubo**

46-1 Shiozakicho Toyohashi,Aichi 441-8069  
Contact Person: Ate Jeda  
Tel: 0532-471-613/ Fb page: Bahay Kubo

**Philippines Ihaw-ihaw**

440-0843 2F Toumei Higashi Miyuki Cho  
Contact Person:  
Tel: 0532-21-9163/090-91853605

**Pinoy Fiesta**

Higashiwaki 2-15-12 Toyohashi-shi  
Contact Person:  
Tel: 0532-39-5568

Para sa Tabehodai schedule maaaring tumawag sa kanilang mga numero.

**Para sa mga naghahanap ng trabaho!!!** **Libre!**

**Proyekto Para sa mga Dayuhang Mamamayan**

Mag-aral ng salitang hapon at "business manner" upang maging isang **regular na empleyado**

**Maaaring mag-apply :**

- Mga taong naghahanap ng regular at permanenteng trabaho, mag-aaral ng nihonggo at "business manner"
- Mga taong marunong magsalita at makaintindi ng Nihonggo na ginagamit sa pang araw-araw na pamumuhay, marunong magsulat at magbasa ng hiragana at katakana
- Mga taong may visa na maaaring magtrabaho (permanent visa, long-term visa, atbp.)

**Magsisimula sa kalagitnaan ng Setyembre ang pagsasanay para sa Nihonggo.**



**Detalye ng proyekto**

**1 • Pagsasanay para sa Nihonggo/"business manner"**

[mula sa kalagitnaan ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Disyembre]  
Mag-aaral ng nihonggo at "business manner".  
Lunes-Biyernes 10:00am-12:00pm o kaya 3:00pm-5:00pm

**2 • Panayam o "Interview"**

[kalagitnaan ng Disyembre]  
Magkakaroon ng "interview" mula sa isang tao sa kumpanya

**3 • Pagtatrabaho**

[kalagitnaan ng Enero hanggang kalagitnaan ng Marso]  
Humigit kumulang 2 buwan magtatrabaho sa kumpanya.  
→Kung ang hangarin ng bawat isa ay nagtugma, may pagkakataon na ikaw ay maging isang regular na empleyado.

**Mga dapat tandaan**

- Ang mga taong may "fulltime" na trabaho, nagpapatakbo ng sariling negosyo at nagtatrabaho ng 30 oras o higit pa kada linggo ay hindi maaaring mag-apply.
- Sa interview, hindi garantisado na maaaplyan mo ang ninanais na trabaho.
- Hindi rin sigurado na magiging regular kang empleyado.

Habang nagtatrabaho ay makakakuha ng suweldo

Para sa application form, bumisita sa FB page ng Tabunka

Para sa iba pang impormasyon magtanong sa Toyohashi City Hall Multicultural Society and International Division.  
TEL: 0532-51-2022 FAX: 0532-56-2110  
E-mail: [kyoseikokusai@city.toyohashi.lg.jp](mailto:kyoseikokusai@city.toyohashi.lg.jp)